# SULAT NI JUDAS



Maaaring nilayon ng Espiritu Santo na iwan sa atin ang Liham ni Judas upang higit nating hangaan ang mga Ebanghelyo at ang ibang sinulat ng mga apostol. Kailangang makilala sana natin ang panitikan nang kapanahunang iyon upang mabatid kung gaano kasalimuot at hindi kapani-paniwala ang mga aklat na relihiyoso, maging ang mga aklat ng mga Judio at ng mga pagano. Bilang paghahambing, masasabing kabilang sa siglong ito ang mga Ebanghelyo at si Pablo. Ang liham na ito ay sinasabing sinulat ni Judas Tadeo at ginawa, sa katotohanan, nang nagtatapos na ang unang siglo. Tinutuligsa niyon ang mga bulaang guro, na siya mismong binabanggit sa mga liham nina Timoteo at Tito.

Gayunman, ang mga paghahambing at halimbawa na ginamit ay hinango sa mga aklat na Judio nang panahong iyon. Hindi pa itinakda ng Iglesya kung alin sa mga aklat ang inspirado ng Diyos at naging bahagi ng Biblia. Bukod sa Lumang Tipan, ginamit ng mga Kristiyano ang panitikang relihiyoso ng mga Judio (halimbawa, ang Aklat ni Enoc, ang Testamento ng Labindalawang Patriyarka, ang Pag-akyat ni Moises), at marami pang leyenda na may kinalaman sa mga sinaunang panahon na makikita natin sa liham na ito. Sa anyo nito, na maaaring sinauna sa ating tingin, ay mayroong malakas na panawagan na pangalagaan ang kinakailangang pananampalataya ng mga apostol, na nang panahong iyon, ay isang taimtim na kaabalahan ng Iglesya. Kaya nga, nang sumunod na ilang taon, ang awtor ng 2 Pedro ay kinopya ang isang bahagi ng liham na ito.

1 Bati ni Judas, na lingkod ni Jesucristo at kapatid ni Jaime, sa mga minamahal ng Diyos at tinatawag para manatili kay Jesucristo.

2 Managana nawa kayo sa awa, kapayapaan at pag-ibig.
3 Mga minamahal, labis kong hinangad na sumulat sa inyo tungkol sa ating kaligtasan, ngunit ngayon, napipilitan akong sumulat sa inyo at humingi na ipaglaban ang ganap na pananampalatayang ipinagkatiwala nang minsanan sa mga banal.

4 Sapagkat mayroong mga taong nakapasok sa inyo na talagang mga tampalasang isinakdal na mula pa noon sa ganitong pagkakasala. Pinalitan nila ng kahalayan ang kaloob ng Diyos at tinatanggihan si Jesucristo na ating Panginoon.

5 Batid man ninyo ang lahat ng ito, gusto ko pa ring ipaalaala na hinango ng Panginoon ang bayang Israel sa Ehipto ngunit sa ikalawang pagkakataon ay nilipol niya ang mga di-sumampalataya.

6 Gayundin ang ginawa niya sa mga
anghel na hindi nanatili sa kanilang
karangalan. Pagkaiwan nila sa kanilang
sariling lugar, inilaan silang walang-
hanggang magapos sa kadiliman hang-
gang sa paghahatol sa Dakilang Araw.
7 Gayundin ginawang isang halimbawa
ang Sodoma at Gomorra at ang mga
bayang nasasakop nila na nagbili ng sarili
sa kahalayan at pinagnasahan nila ang
mga anghel. Walang-hanggan ang pag-
durusa nila sa apoy. 8 Ganoon din ang mga
iyan sa kanilang kahibangan: dinudu-
ngisan nila ang kanilang sariling katawan,
hinahamak at nilalait ang mga taga-langit
na kapangyarihan at kaluwalhatian.

9 Ngunit alam ninyo na sa pakikipag-
talo ng arkanghel na si Miguel sa diyablo
dahil sa bangkay ni Moises, ay hindi siya
nangahas tumuligsa sa diyablo. Sinabi
lamang niya: "Pagsabihan ka nawa ng
Panginoon!" 10 Nilalapastangan naman ng
mga iyan ang hindi nila nauunawaan, at
kung mayroon silang likas na kaalaman,
parang sa hayop na walang isip ito at
ikinapapahamak lamang nila. 11 Sawim-
palad sila! Sinundan nila ang landas ni
Kain at napadala sila sa pandaraya ni
Balaam alang-alang sa salapi. Sa wakas,
mapapahamak sila kasama ng mapang-
himagsik na si Kore. 12 Sila ang sumisira
sa inyong mga salu-salong magkaka-
patid: walang hiya nilang pinakakain ang
sarili. Ang sarili lamang ang pinanganga-
lagaan nila: mga ulap na walang tubig na
tinatangay ng hangin, mga punungkahoy
na walang bunga sa taglagas, dalawang
beses namamatay at handang bunutin;
13 naisasaboy ang bula ng kanilang mga
bisyo sa masasamang alon ng dagat.
Katulad sila ng mga talang ligaw na
papunta sa pusikit na kadiliman magpa-
sawalang-hanggan.

14 Sila ang mga tinukoy ni Enoc, ang
ikapito sa lahi ni Adam; nagpropeta siya
nang sabihin: "Heto: dumarating ang
Panginoon na kasama ang libu-libo
niyang mga banal. 15 Hahatulan niya ang
lahat; pagsasabihan niya ang mga tam-
palasan sa lahat ng katampalasanang
nagawa nila, at sa lahat ng mga paglait na
nasabi ng mga makasalanan at tam-
palasan laban sa kanya." 16 Tinutukoy nito
ang mga tumututol at dumaraing. Sumu-
sunod sila sa kanilang mga pagnanasa
habang nagsasalita nang palalo ang bibig
nila. Mapagmapuri sila para sa kanilang
sariling kapakanan.

17 Alalahanin ninyo, mga minamahal,
ang sinabi ng mga apostol ni Jesucristo,
aking Panginoon. 18 Sinabi nga nila: "Sa
huling panahon lilitaw ang mga manli-
libak na susunod sa kanilang mga pag-
nanasa – na makasalanang mga pagna-
nasa. 19 Sila ang gumagawa ng hidwaan
sa inyo. Makalupang tao sila na hindi
taglay ang espiritu. 20 Ngunit kayo naman,
mga minamahal, itayo ang inyong pag-
katao sa batayan ng inyong napakabanal
na pananampalataya. Dumalangin kayo
sa Espiritu Santo, 21 ingatan ninyo ang
sarili sa pag-ibig ng Diyos, maging han-
dang tumanggap ng awa ng ating Pangi-
noong Jesucristo at akayin sa buhay na
walang-hanggan.

22 Kung may nag-aalinlangan, hikaya-
tin ninyo sila; 23 hanguin ninyo sa apoy
ang iba at iligtas sila; kahabagan naman
ang iba nang maingat at kasuklaman
maging ang damit na nadungisan ng
kanilang katawan.

24 Sa kanya na may kakayahang inga-
tan kayo, panatilihin kayong walang pag-
kahulog at iharap kayong magalak at
walang kapintasan sa kanyang Kaluwal-
hatian, 25 sa iisang Diyos na nagliligtas sa
atin kay Jesucristo na ating Panginoon –
sa kanya nawa ang kaluwalhatian, kara-
ngalan, lakas at kapangyarihan mula sa
simula pa at magpasawalanghanggan.
Amen.